



### B Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence](#)

## 2 Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, pagpalit ng uri ng visa, pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente, pahintulot para sa gawaing hindi sakop ng hawak na visa, re-entry permit at pagkuha ng visa

### 2-5 Pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente

Sa mga nais maging permanenteng residente ng Japan, kailangang makatanggap ng pahintulot para sa permanent residency.

Mag-aplay sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar. Kapag pinahintulutang maging permanenteng residente, magiging "Permanent Resident" ang inyong visa at maaaring patuloy na tumira sa Japan na nananatiling dayuhan. Bagamat hindi na kailangang isagawa ang proseso ng renewal ng tagal ng pananatili o ng pagbabago ng uri ng visa, kailangang mag-aplay para sa re-entry kapag lumabas ng Japan para bumiyaha (Ngunit kapag may balidong pasaporte at Residence Card, kapag lumabas sa Japan at babalik sa loob ng 1 taon, hindi na kailangang kumuha ng re-entry permit). May ilang kondisyon para makuha ang pahintulot para maging permanenteng residente kaya makipagsangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar.

Processing fee: Kapag natanggap ang pahintulot, kailangang magbayad ng 8,000 yen (para sa revenue stamp)